

LEGAL NA KITA

Marka:

Deskripsyon: Ipinaliliwanag ng araling ito ang kahalagahan ng pagkamit ng isang pinahihintulatang kabuhayan, at binabanggit ang ilan sa mga pangunahing paraan ng mga ipinagbabawal na kita.

Kategorya:

[Mga Aral](#) › [Islamikong Pamumuhay, Moralidad, at Pagsasagawa](#) › [Pangkalahatang Moralidad at Pagsasagawa](#)

Ni: Imam Kamil Mufti (© 2014 NewMuslims.com)

Nai-publish sa: 16 Apr 2018

Huling binago sa: 11 Apr 2018

Mga Layunin

- Upang malaman ang anim na dahilan kung bakit dapat kang kumita ng *halal* na kita.
- Upang maunawaan ang konsepto ng '*baraka*'.
- Upang mapahalagahan ang prinsipyo: "Sa mga makamundong bagay ang lahat ay ipinapahintulot maliban sa partikular na ipinagbabawal at sa mga bagay na sakop ng relihiyon lamang na pinahihintulutan ng may katibayan".
- Upang malaman ang ilan sa mga pangunahing pinagmumulan ng kita na mula sa *haram*.

Mga Terminolohiyang Arabik

- Baraka* - pag-angat, biyaya.
- Hadith*- (maramihan– *ahadith*) ay isang piraso ng impormasyon o isang kuwento. Sa Islam ito ay isang talaan ng salaysay ng mga kasabihan at mga pagkilos ni Propeta Muhammad at kanyang mga kasamahan.
- Halal* - ipinapahintulot.
- Haram* - hindi pwedeng gawin o ipinagbabawal
- Riba* - Tubo.
- Sunnah*- Ang salitang *Sunnah* ay may ilang mga kahulugan depende sa lugar ng pag-aaral gayunpaman ang kahulugan ay karaniwang tinanggap na, anupamang iniulat na sinabi ng Propeta , ginawa, o inaprubahan.

Ang kayamanan ay isa sa mga hindi mabilang na pagpapala ng Lumikha sa isang Muslim. Ito ay mananatiling pagpapala, isang bagay na kapaki-pakinabang para sa buhay na ito, hangga't ginagamit ito sa loob ng mga hangganan na itinakda ng Allah at upang magbigay ng pakinabang sa iba, kasama ang pamilya.



"Ang kayamanan at mga anak ay ang mga atraksyon ng makamundong buhay ..."
(Quran 18:46)

Kasabay nito, ang kayamanan ay maaaring maging isang pagsubok upang makita kung sino ang nagpapasalamat at kung sino ang naging abala sa mga biyayang ito mismo at nakalimutan ang Tagapagbigay. Sa madaling salita, binibigyan ni Allah ng kasaganaan sa sinumang nais Niya bilang isang pagsubok.

"Dapat niyong malaman na ang iyong ari-arian at ang iyong mga anak ay isang pagsubok lamang, at mayroong isang napakalaking gantimpala mula kay Allah."
(Quran 8:28)

Tulad ng kapag may isang pagsusulit sa paaralan ay ganap na maingat tayo sa kung paano tayo gumanap, katulad na kapag tayo ay gumawa ng trabaho, nagnegosyo, o kumita ng ating kabuhayan sa anupamang paraan, kailangan tiyakin natin na ginagawa natin ito sa loob ng mga hangganan na itinakda ni Allah. Dapat nating iwasan ang mga pinagkukunan ng kita na ipinagbabawal sa Islam.

Mga Dahilan Kung Bakit Dapat Bigyan ng Atensyon ang Ating Pinagmumulan ng Kita

Ang mga sumusunod ay ilang mga kadahilanan upang mag-udyok sa atin:

1. Sa paghanap ng halal na kita sinusunod natin ang mga yapak ng mga propeta ni Allah. Sinabi ng Allah sa Qur'an, **"O mga Sugo, kumain ng mabubuting bagay at gumawa ng mga mabubuting gawain. Nalalaman Ko ang inyong mga ginagawa"** (Qur'an 23:51). Ang ibig sabihin ng 'mga mabubuting bagay' ay kumain ng *halal*. Higit pa rito, sinabi ni Propeta Muhammad,

"Si Allah ang Makapangyarihan ay Dalisay at tinatanggap lamang ang siyang dalisay. At sa katunayan, iniutos ni Allah sa mga mananampalataya na gawin ang ipinag-utos Niya sa mga Sugo. Kaya Ang Makapangyarihan ay nagsabi:

'O mga Sugo! Kumain ng mabubuting bagay, at magsagawa ng mabubuting gawain '.
(Qur'an 23:51)

At sinabi pa ng Makapangyarihan:

**'O kayong naniniwala! Kumain ng mga mabubuting bagay na ibinigay Namin sa inyo ' .
(Quran 2:172)"[1]**

2. Ang pagkain ng *halal* na pagkain mula sa *halal* na kita ay nakapagdadala sa tao sa Paraiso. Sinabi ni Propeta Muhammad, "Sinumang kumakain ng mabuti at dalisay at kumikilos alinsunod sa *Sunnah*, at ang mga tao ay ligtas mula sa kanyang pinsala, siya ay papasok sa Paraiso."[2]
3. Ang isang tao ay hindi makakagalaw mula sa kanyang lugar hanggang sa masagot niya si Allah kung saan niya kinukuha ang kanyang kita. Sinabi ni Propeta Muhammad, "Ang mga paa ng anak ni Adan ay hindi makakagalaw sa Araw ng Paghuhukom hanggang sa siya ay tatanungin tungkol sa limang bagay: tungkol sa kanyang buhay at kung ano ang ginawa niya dito, tungkol sa kanyang kabataan at kung paano niya pinamunuan, ang tungkol sa kanyang kayamanan at kung paano niya ito nakuha at kung saan niya ginugol ito, at kung ano ang ginawa niya sa kaalaman niya."[3]
4. Ang mga panalangin ng isang taong kumakain, umiinom, at nagsusuot ng damit mula sa *halal* na kita ay sinasagot. Binanggit sa hadith, "... Pagkatapos ay binanggit niya (ang awa at pagpapala ni Allah ay sumakanya) ang isang tao na, habang naglalakbay sa malayo, ay magulong-magulo ang hitsura at maalikabok, at kanyang itinaas ang kanyang mga kamay sa kalangitan na nagsasabing ' O Panginoon! O Panginoon!, 'samantalang ang kanyang pagkain ay *haram* (labag sa batas ng Islam), ang kanyang inumin ay *haram*, ang kanyang damit ay *haram*, at siya ay naging malusog sa *haram*, kaya paano sasagutin ang kanyang mga [hinaing] ?!"[4]
5. Nagpropesiya ang Propeta na ang isang pabaya na pag-uugali hinggil sa kita ng isang tao ay isang tanda ng mga oras ng pagtatapos. Sinabi niya, 'Darating ang oras na ang isang tao ay hindi aalalahanin kung saan nagmumula ang kanyang kayamanan, kung (ang pinagmulan nito ay) *halal* o *haram*.'[5]
6. Ang *halal* na kita ay pinagpala ni Allah. Ang konsepto ng pagpapala ay tinatawag na '*baraka*' sa Islam. Ang '*Baraka*' ay ang pabor ni Allah sa tao sa isang paraan na hindi ka maaaring maglatag ng ni isang daliri. Ang lahat na kung saan ang isang pagyaman ay maaaring makita nang hindi namamalayan ay pagpapala; mayroon itong '*baraka*' dito. Ang *halal* na kita ay maaaring mabigyan ng biyaya sa isang paraan na ang iyong mga gastos ay maaaring mabawasan. Kung ang iyong kita ay hindi *halal*, maaari kang magkaroon ng hindi inaasahang gastos. Maaari kang makakuha ng mas maraming pera mula sa mga pinagkukunang *haram*, ngunit maaaring gumastos ng higit pa sa mga hindi inaasahan na gastos.

Mga Pangunahing Pinagmumulan ng Haram Na Kita

Ang pagkakaroon ng *halal* na kita ay isang pang-ekonomiyang pakikibaka ng isang mananampalataya, at dapat itong isagawa bilang isang obligasyong pangrelihiyon.

Kaya, ang isang Muslim ay dapat makipag-ugnayan sa *halal na* propesyon at negosyo.

Mayroong isang panuntunan sa Islam na nagsasabing ang lahat ng makamundong bagay ay pinahihintulutan, at kabilang dito ang mga trabaho at negosyo, maliban kung partikular na ipinagbabawal. Sa kabilang banda, sa mga bagay na pangrelihiyon, ang lahat ay hindi pinahihintulutan maliban kung mayroong patunay ang Islam para dito. Batay sa prinsipyong ito, ang karamihan sa mga trabaho at negosyo ay pinahihintulutan sa mga sumusunod na mga pangunahing pagbubukod:

1. Ang *Riba* (interes), pagsusugal, pornograpiya, at alak ay *haram*, at gaano man kaakit-akit ang mga pinansiyal na gantimpala sa pakikibahagi sa mga negosyo na iyon, ang isang Muslim ay dapat na tigilan ang mga ito. Hindi rin pinapayagan na magtrabaho sa isang kumpanya na ang pangunahing negosyo ay *riba* (tulad ng isang bangko) o pagsusugal (tulad ng isang casino). Katulad nito, hindi ito pinahihintulutang ikalakal ang mga stock ng naturang mga kumpanya.
2. Ang prostitusyon ay *haram*. Gayundin, hindi pinahihintulutan ng Islam ang mga sekswal na pagsasayaw o sekswal na gawain, tulad ng mga nagpapahiwatig ng kahalayan o malaswang awit, o pagsulat o paggawa ng mga materyal na nag susuhestyon ng sekswal. Ang pagtatrabaho sa isang night club o dance hall ay ipinagbabawal. Hindi rin pinapayagan ang pagbebenta at paggawa ng mga instrumentong pangmusika.
3. *Haram* na magnegosyo sa mga baboy, idolo, estatwa, o anumang uri ng pagkonsumo nito at paggamit ng Islam ay ipinagbabawal. Ipinagbabawal ng Islam ang pagkuha ng mga estatwa at ang mas malakas na paggawa ng mga nito.
4. Ang paggawa ng mga inumin na nakakalasing at mga ipinagbabawal na gamot. Ipinagbabawal ng Islam ang anumang pakikilahok sa pagsulong ng mga inuming nakalalasing, maging sa paggawa, pamamahagi, o pagkonsumo, at sinuman na nakikilahok sa alinman sa mga ito ay isinumpa ng Sugo ni Allah. Ang pagtatrabaho sa isang bar, tindahan ng alak, o isang kumpanya na gumagawa ng mga inuming nakalalasing ay hindi pinapayagan.
5. Ang anumang serbisyo na ibinibigay bilang suporta sa kawalan ng katarungan o sa pagtataguyod ng *haram* ay ipinagbabawal. Hindi pinahihintulutan para sa isang Muslim na maging isang opisyal o kawal sa isang hukbo na bukas na nakikipaglaban sa mga Muslim, o magtrabaho sa isang korporasyon o pabrika na gumagawa ng mga armas na gagamitin laban sa mga Muslim, o sa isang organisasyon na napopoot sa Islam at nakikipaglaban sa mga tagasuporta nito.

Kung mayroon kang isang espesyal na sitwasyon at nangangailangan ng paglilinaw kung ano ang dapat gawin, mangyaring kumunsulta sa isang kagalang-galang na iskolar ng Islam.

Talababa:

[1] *Saheeh Muslim*

[2] *Tirmidhi*

[3] *Tirmidhi*

[4] *Saheeh Muslim*

[5] *Saheeh Al-Bukhari, Nasai*

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/255/legal-na-kita>

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.